

# 1

Ginamit at sinaktan siya ng mga taong inakala niya ay puwede niyang pagkatiwalaan.

Ipinagkatiwala ni Suzanne ang *Esmeralda Builders*, her father's legacy to her, sa kanyang stepdad na si Juan Zamonte. Eighteen years old lamang siya nang mamatay ang daddy niya at pumasok naman sa buhay nila si Juan. He used to be her dad's most trusted assistant, kaya nagtiwala siyang pamamahalaan nito nang maayos ang *Esmeralda Builders*. Maliit na kompanya lang ito noong una na unti-unting lumago at ngayon ay nakagawa na ng pangalan, inasahan niyang mas mapapalago pa niya ito pagdating ng panahon.

Nagtapos siya ng kursong Civil Engineering nang siya ay beinte-dos años saka muling nag-aral. Kumuha siya ng Business Administration habang nagtatrabaho bilang isa sa mga inhinyero ng kompanya. Hindi siya ambisyosa para isiping kaya na niya itong pamunuan, what she wanted was to learn everything she needed first.

Ngayon at the age of twenty-seven, nagpasya na siya na papalapit na ang tamang oras at handa na

siyang mag-take over. Para lamang malaman niyang papalugi na ang kanyang kompanya.

And Juan dared to tell her his proposal. Without her knowledge, he had sold her to the highest bidder. Merger with *Solid Grounds* na isa sa malalaking construction companies sa bansa. Dito ngayon nagtatrabaho si Melinda, ang stepsister niya, bilang sekretarya ng presidente at founder na si Ramon Mallego.

Katulad niya, lumaki si Melinda na pamilyar sa pasikut-sikot ng negosyong kinabibilangan ng amano. But she claimed she wanted to be on her own at huwag nang makisiksik sa *EB*, kaya namasukan ito sa ibang kompanya.

Naabutan na sana ng *Esmeralda Builders* ang level ng *Solid Grounds*, ang kaso kabaligtaran ang nangyayari. Papalugi ang *EB* ngayon.

“Isasalba nila ang *Esmeralda* with their financial assistance, Suzanne,” sabi pa ni Juan.

Pero hindi basta-basta ang merger, they were suggesting marriage between her and the owner Ramon Mallego. Si Ramon ay isang balo at sixty-two years old na ito. Mas matatanda pa sa kanya ang mga anak nito.

Subalit hindi naman iyon ang punto. Kahit pa nagkataong bata pa si Ramon, wala pa ring karapatan ang stepdad niya na magdesisyon para sa kanya.

Napatayo siya mula sa pagkakaupo sa silya nang marinig ang sinabi nito. Kasalukuyan silang magkakaharap sa hapag-kainan. “Nilugi mo ang kompanya ko at ngayon ako ang ipapain mo sa pating para mapagtakpan ang kapalpakan mo?”

“It was never foreseen, Suzanne,” katuwiran nito. “My mistake was trusting Montalban.”

Si Mr. Eliseo Montalban na siyang responsable sa pamimili ng mga materyales mula sa ibang bansa ay nakipagsabwatan sa bagong head ng finance department. In less than a year and a half, nagawang makapagnakaw ng mga ito ng abut-abot isang bilyong piso at huli na nang maramdaman ito ni Juan mismo.

Montalban, at the first sign of being found out, had fled the country kasama ang mga kasabwat at marahil ay ine-enjoy ang buhay nila sa ibang bansa. Leaving Suzanne to be fed to the vultures.

Nagpatuloy ang kanyang stepfather. “Yes we can survive for the next few months, pero kapag naubos na ang pondo nating mga materyales, we’ll need to make sacrifices. Unang-unang maaapektuhan ang

mga empleyado dahil kailangan nating unti-unting magbawas.

“Ang ikinatatakot ko, unang senyales pa lang ng pagkalugi ay tiyak may mga mag-aalanganin na sa atin Maging ang mga dati nating kliyente ay baka hindi na ituloy sa atin ang mga proyekto nila,” eksaheradong sabi pa nito though alam ni Suzanne na malapit-lapit iyon sa katotohanan. “At ang plano kong merger ang tanging option na meron tayo.”

“Dapat kinausap n’yo man lang sana ako bago kayo nag-propose kay Mr. Mallego. Kung sakaling mapapayag n’yo ako sa plano n’yo, ano naman ang gagawin ko sa fiancé ko? You know we’re planning to get married next year. Ano’ng sasabihin ko sa kanya? ‘Sorry, ha, kailangan kong magpakasal sa isang taong mas mapera kesa sa iyo.’ Ganoon ba?”

“Forget Gary. Hindi siya faithful sa iyo.”

Binalingan niya ang stepsister na si Melinda. Unang pagkakataong sumingit ito sa usapan. Obviously, sang-ayon ito sa mga plano ng ama. At dahil nagtatrabaho ito bilang sekretarya ni Ramon, ito rin ang naging tulay ni Juan para makausap ang may-ari.

“Ano’ng ibig mong sabihin?”

“Gary has proven himself to be unworthy of you. When you went to Singapore last month, he came on to me. I told him to get lost pero hanggang ngayon, lagi pa rin siyang tumatawag sa akin.”

“Liar!” akusa niya rito. Handang magsinungaling si Melinda para lang madispatsa sa usapan si Gary.

Nagkibit-balikat ito. “Gusto ko lang sabihin na hindi mo siya dapat pag-aksayahan ng panahon. Nasa sa iyo na kung maniniwala ka sa akin.”

Saka lamang napagtanto ni Suzanne na nagsasabi ito ng totoo. It suddenly explained kung bakit iba ang pakikitungo sa kanya ng nobyo mula nang bumalik siya galing Singapore. Pansin niyang tuwing magkasama sila ay tila laging lumilipad ang diwa nito. Had he been thinking about Melinda?

“Krisis ngayon, Suzanne, may ibang kompanya akong nilapitan pero hindi sila bukas ngayon para sa anumang klase ng merger. *Titans Company* is only interested to buy *EB*, and selling out should be considered as the last option. Ang *Solid Grounds* lang ang nakikita kong may kakayahan ngayon para tulungan tayo.”

Nanatiling nakapako sa stepsister ang kanyang paningin. “Kaya ka ba nagtrabaho sa *Solid Grounds*

para paghandaan ang panglulugi ng tatay mo sa kompanya ko? Plano n'yo ba ito mula noon?"

"That's absurd! I've always wanted to work for a construction company, pero ayokong makisingit sa *EB*. I chose *Solid Grounds* because it has a good reputation," pasimpleng sabi ni Mel.

"Suzanne, Anak," singit ng kanyang mommy na akala niya ay magmimistulang pipi habang pinaguguhong ng mag-ama ang buhay niya. But when she heard what the older woman had to say, she wished she hadn't spoken at all. "Makinig ka sa Tito Juan mo. Gusto mo ba talagang mawala sa atin ang *Esmeralda Builders*?"

That's what hurts the most. Inasahan niyang may kakampi sa kanya, may magtatanggol sa kanya, but she was wrong.

"Yes, Mommy," Suzanne said bitterly. "I'd rather let *Esmeralda Builders* crumble to the grounds, kesa ibenta ang sarili ko para lang pasayahin ang mga taong obviously ay walang pakialam sa akin." With that, she regally stormed out of the dining room.

She convinced herself not to cry habang nagmamaneho patungo sa apartment ni Gary. Naghihintay ito sa kanya dahil tinawagan niya nga

ito para sabihing parating siya.

“Ginagago mo ba ako?” salubong niya rito.

Nabigla ito at hindi kaagad naka-recover.

“Iyon lang ang ipinunta ko rito, Gary. Gusto kong malaman kung ano ang ginawa n’yo ng stepsister ko habang wala ako.”

“W-we... nothing happened.” Napabuntong-hininga ito. “Nagkita kami sa isang bar one night, had a few drinks ’tapos inihatid ko siya sa kotse niya. That’s it. Wala na.”

“She came on to you, didn’t she? She tried to seduce you,” kumpiyansang sabi niya. Kahit si Gary man lang sana ang natitirang puwede niyang pagkatiwalaan. Handa siyang tanggapin ang pagkakasala nito malaman niya lang na si Melinda ang nagsimula ng lahat. Of course, si Mel naman talaga. Nakipagsabwatan ito sa ama para mawala sa buhay niya si Gary!

“No. Nagkakamali ka. We kissed and necked in my car, pero hanggang doon lang. Mel tried everything to discourage me. She kept reminding me of you.”

“Ipinagtatangol mo ba siya?”

“No. Pero, Suzy, kailangan kong sabihin ang

totoo. I realized hindi mag-wo-work out ang relasyon natin.”

She'd lost Gary too, kaagad niya iyong napagtanto. Tiningnan niya ito nang derecho sa mga mata. “Wow! The next thing you're gonna say is you're in love with Mel. All because you kissed and necked in your car while I was away.” Sinabi niya iyon sa paraang magiging katawa-tawa ang posibilidad ng ideyang iyon.

He dared to look hurt. Then he looked angry and defensive na lalong nagpakuyom sa mga kamao ni Suzanne.

“Yes, I *am* in love with Melinda. To tell you the truth, I've been attracted to her since the first time I met her.”

“Good!” Pumalampak siya. And she had to admit na maging siya ay nagugulat sa katapangang ipinapakita. It was so unlike her. Sa kanilang dalawa ni Mel, Suzanne had always been the calm and sweet one. Pero hindi siya sweet ngayon. At lalo namang hindi siya calm. “Then hindi lang pala ako ang masasaktan. Here's a fact. It was her plan to seduce you. Dahil ginamit ka rin lang niya. They wanted you out of the way para mapapayag nila akong pakasal sa isang DOM. But you can go ahead and continue

making a fool of yourself. You deserve it, anyway.” With that, iniwan niya itong nakatanga sa pintuan.

Nang marating niya ang kanyang bahay sa Makati, saka lamang niya pinayagan ang sarili na umiyak. It was a long and painful night at inilabas niya lahat ng sakit na nararamdaman.

When she woke up that morning, ibang tao na siya.

She was tired of being used. Mula ngayon magpapakawais na siya. Mula ngayon, hindi na siya magpapauto. Hindi na siya magtitiwala. At bago pa siya masaktan ng ibang tao, siya na lang ang mananakit.

Mula ngayon...

---

Isang linggo na ang nakalilipas mula nang mangyari ang insidenteng iyon sa bahay nila sa Marikina. Pumapasok pa rin siya sa opisina, pero sadyang iniawasan si Juan.

Hindi ipinapahalata ni Suzanne, pero apektadong-apektado siya sa kondisyon ng *Esmeralda Builders*. Dugo at pawis ang ginamit ng daddy niya para maipatayo ang negosyong ito. Pinangarap na isang

araw ay maipamana sa kanya.

Sino ba naman kasi ang mag-aakalang maaga itong mamamatay? At sino ang mag-aakalang mag-aasawa pa ang mommy niya nang mabalo ito?

Ngayon, nasa alanganin na ang kompanya. At hindi niya alam kung may magagawa ba siya para maisalba ito. One thing for sure, hindi siya pakakasal para rito.

Kaya ngayon ay nag-iipon siya ng lakas ng loob para puntahan si Mr. Mallego at kausapin. Kung talagang interesado ito sa merger, hindi naman siguro kailangang pakasalan niya ito.

“Ano’ng gagamitin mo sa birthday party ni Mel?” biglang tanong ng kaibigan at katrabahong si Thea. Inhinyera ito sa kompanya.

Nasapo niya ang noo. Bukas na nga pala ang twenty-ninth birthday party ni Melinda na gaganapin sa bahay nila sa Marikina. Talagang pinaghandaan ito ng kanyang stepsister dahil sabi nga nito ay masaya ito sa pagiging single and free at this age.

“Hay naku! Huwag mong sabihing hindi ka a-attend. Sige ka, pagpipiyestahan ka ng tsismis,” banta pa nito.

At tama si Thea. Kahit hindi siya close sa stepsister niya, kailangan niya pa ring magpakita ng suporta rito.

Well, two weeks ago, desidido naman siyang dumalo. Two weeks ago iyon, noong hindi niya pa nalalamang ginagago siya ng mga ito.

*You have to go, kumbinsi niya sa sarili. At harapin ang mga ito. Ipakita mo sa kanila na hindi ka apektado. Na paninindigan mo ang desisyon mo.*

As if...

“Gagamitin ko na lang iyong yellow dress na ginamit ko noong last birthday ko.”

“Eww! Ano ka ba! Kung umasta ka, parang wala kang pera.”

Gusto niyang sabihin sa kaibigan na pera ang pinakamalaking problema niya ngayon. Kung marami sana siya nito, hindi manganganib ang *Esmeralda Builders*. Pero ayaw niyang bigyan ito ng dahilan para mag-panic. Hangga’t hindi pa sila tuluyang nawawalan ng pag-asa, hindi niya muna bibigyan ng problema si Thea.

“Ang hirap sa iyo, hindi mo gayahin ang stepsister mo. Maganda ka nga, napaka-boring mo naman.

Tingnan mo iyang suot mo. Hindi nga tayo nire-require na mag-uniform, eh, ba't parang teacher's uniform iyang slacks at blazer mo? 'Tapos kapag nagpunta ka sa site, naka-maong at t-shirt ka! Suzanne, konting landi naman diyan. At sa party, natitiyak kong mag-a-ala-*Miss Universe* ang gown ni Mel, 'tapos pupunta ka r'on na suot ang damit mo last birthday mo? Nagtitipid ka? At isa pa, hindi ko gusto iyong damit mong iyon, hindi ka nagmukhang birthday girl, nagmukha kang executive na papasok sa opisina."

She was still dazed nang iwan siya ni Thea sa kanyang cubicle.

Damn it! Tama ang kaibigan. At ngayon niya lang naiisip, ang kakulangan kaya ng pag-aayos niya ang dahilan kaya naglikot ang mga mata ni Gary? Nasobrahan yata siya ng kumpiyansang maganda siya, hindi naman naisip na kailangan niya ring mag-aayos ng sarili.

*This is me. Kailangan ko bang baguhin ang buong pagkatao ko para lang makipagkompetensya sa sopistikadang si Mel?*

Why not?

Ilang sandali pa'y sumilip siya sa cubicle ni Thea.

*The Brazen Temptress - Jasmine Han*

---

“Hey, let’s go shopping.”

## 2

*Melinda looked beautiful in her light blue gown, mabuti na lang at nakinig siya kay Thea. Now Suzanne felt confident wearing her red dress.*

*“Hmm... masyado yatang mataas itong slit sa gitna. Daring ang dating, girl. Para kang sasabak sa giyera,” komento ni Thea nang lumabas siya sa dressing room ng boutique na pinuntahan nila.*

*“Then, I’ll take it,” nakangiting sabi niya.*

*Wala naman siyang intensyon na sumabak sa giyera, pero mabuti na rin ang handa.*

*“Happy Birthday,” plastic ang ngiting bati niya sa nagdiriwang ng kaarawan kasabay ng beso-beso.*

*“Thank you. Mabuti dumating ka. Nakita mo na ba sina Daddy at ang mommy mo? They were looking forward to seeing you here. Baka naman balak mong pagaanin ang loob nila at kausapin na sila?” pasaring nito.*

*Halos umasim ang mukha niya sa posibilidad na kailangan niya ring makipagplastikan sa mga ito. Kailangan niyang gawin ang makakaya para*

makaiwas. “Maybe on your next birthday. Or better yet, maybe never. Enjoy.”

Wala nang nagawa si Mel para pigilan siya dahil sa dami pa ng ibang taong nakapalibot dito.

Napahugot siya ng hininga at inilibot ang mga mata para hanapin si Thea na hindi pa dumarating. Pero ibang tao ang nakita niya sa main door.

Si Gary.

He was holding flowers and looking at Mel from afar like a besotted fool.

Nanikip ang dibdib ni Suzanne. Never siyang binigyan ng mga bulaklak ng dating nobyo. Ano ba ang pagkakaiba niya kay Melinda at ganito ang epekto nito sa mga lalaki?

*Marami, bruha, aniya sa sarili. Just look at her, she's sophisticated and cool. While you can't wait to get home and sleep in your oversized t-shirt.*

“Suzanne...” Parang nagising mula sa pagkakaidlip na napaigtad ang dalaga. Sa lalim ng pag-iisip ay hindi niya namalayang nakalapit na pala sa kanya si Gary. “You look... beautiful...”

How she wished hindi na lang siya nito pinansin, but since hindi naman ito nagpigil ng sarili, hindi na

rin siya magpipigil. “Oo naman,” asik niya. Mabuti na lamang at maingay ang paligid, kaya wala marahil nakaririnig sa kanila. “Ngayon mo lang napansin? Akala ko matagal mo nang alam iyan, eh. Tell me the truth, Gary, bakit mo ba ako niligawan noon? Is it because you were attracted to me or because you were attracted to my money? Considering the fact na napakadali mong bumigay sa init ng katawan, it must be the latter,” prangkang turan niya.

“What happened to you, Suzanne?” kunot-noong tanong nito. “Hindi ka naman dating ganito.”

“Hindi ako dating bulgar kung magsalita? Please excuse me, galit kasi ako sa mundo ngayon. Sana naman maintindihan mo.” She glared at him.

“Hindi naman ikaw ang may diperensya, kaya hindi nag-work out ang relasyon natin. Ako ang may problema. Huwag mo sanang masyadong dibdibin.”

“Sige lang, akuin mo lahat ng guilt dahil dapat lang naman. Pero utang-na-loob, huwag mong isiping matatanggap ko ito nang agad-agaran at patawarin ka. Hindi ako santo, oy. Puntahan mo na kaya si Mel, baka malanta pa ’yang dala mo para sa kanya.”

She made it to the garden. Kahit paano, makakahinga siya roon nang maluwag. This had

always been her place since she was a kid. Ang treehouse ay ipinagawa mismo ng daddy niya para sa kanya. This was her world kahit pa nang magdalaga siya. Nang mamatay ang kanyang ama sa heart attack, dito niya ni-comfort ang sarili.

And then, Mel came. At ginawa nito lahat ng makakaya para i-invade ang mundo niya. She would bring home friends at mag-iinuman ang mga ito sa treehouse niya.

Her mom would always say, igalang niya ang stepsister dahil mas nakatatanda raw ito sa kanya. Hindi niya ito iginalang siyempre. At hindi niya rin ito binigyan ng puwang sa kanyang buhay. Nang magsimula siyang magtrabaho sa *EB* ay kaagad na siyang bumukod.

At napakatagal na mula nang magpunta siya rito at mapag-isa...

Umakyat siya sa hagdan ng treehouse. Matibay iyon dahil lahat ay yari sa bakal. Pamilyar siya sa bawat sulok, kaya hindi siya nahirapan. Kaagad niyang nakapa ang isang upuan nang makapanhik, ngunit napakunot-noo siya nang hindi gumana ang ilaw nang pindutin niya ang switch.

Inilabas niya ang cellphone para magsilbing ilaw

niya at halos mapatalon palabas sa bintana dahil sa gulat nang makita ang isang taong nakaupo sa kanyang harapan.

Natutop niya ang bibig upang hindi kumawala ang pagtili niya.

“I’m so sorry.” Narinig niya ang isang buong boses ng lalaki. “I didn’t mean to scare you.”

It took her moments bago bumalik ang composure, and when it did, nanggangalit na ang mga ngipin niya sa galit.

“Gusto mo magpatawag ako ng pulis?”

“What for?”

“Muntik na akong mamatay sa gulat! At kapag nangyari iyon dapat lang na kasuhan ka ng homicide! Ano ba’ng ginagawa mo rito?”

“Obviously, I wanted to get away from all the noise katulad mo. At hindi ko kasalanan kung nauna ako dito.”

“Hello? Naramdaman mo nang paakyat ako, sana man lang umubo ka or tumalon ka sa bintana para alam kong may ibang tao rito!”

“Na-curious kasi ako sa iyo. Nakita kitang palabas

d'on, and you looked very angry. Nang ma-realize kong papunta ka rito, I told myself I wouldn't mind sharing it with you."

"Ang bait mo," matamis ang tinig na tugon niya at biglang lumamig ang boses. "Ngayon tuloy, mas lalong galit na ako."

He chuckled. Tamang-tama namang nahawi ang ulap na sandaling tumakip sa buwan. Dahilan para magkaroon ng liwanag sa loob ng treehouse.

She caught a glimpse of him, at kahit kulang ang liwanag, Suzanne saw a very handsome man in front of her.

"Ano'ng ginagawa mo rito?" tanong niya muli at natigilan. Biglang may pumasok na posibilidad sa isipan. There's a party going on inside, ano at narito ang lalaki at nag-iisa? "Are you smoking grass?" she asked suspiciously. At nagsimulang suminghot sa hangin para maniguro kung may kakaibang amoy.

Muli itong napatawa. "I'm thirty-one years old, pang-teenager iyang sinasabi mo."

"So, you smoked grass when you were a teenager?" tuloy na akusa niya.

"Ano'ng pangalan mo?" tanong nito sa halip na

sagutin siya.

“I don’t share personal information with people who smoked grass as teenagers.”

“That’s biased. Porque ba gumagamit ng marijuana o shabu or whatever ang isang tao noong kabataan niya ay hindi na ito puwedeng magbago?”

“My gosh, nag-shabu ka rin?” she shrieked.

“Stop it!” came the exasperated answer. “No, for goodness’ sake! I’ve never been into drugs. Why are you so obsessed with the idea, anyway?”

“I had a boyfriend in college who smoked grass. Muntik na akong mamatay dahil wala akong kamalay-malay that he was high when I got into his car. Lumipad kami sa EDSA at nagising kami sa ospital.”

“That means, hindi ka naging maingat sa pagpili ng magiging boyfriend,” hirit ng kausap.

“Thank you. Goodbye.”

Tinangka niyang tumayo pero kaagad nitong napigil ang kanyang kamay.

“Hey, chill. Kanina ka pa yata galit at kahit maliliit na bagay ay binibigyan mo ng kahulugan.

Stay here for a while and calm down, baka pagpasok mo do'n at may mapatingin lang nang matagal sa slit ng bestida mo ay mag-amok ka na."

*Chill. Calm down. Be cool.*

She tried but failed. "Ang talas naman ng mga mata mo at pati slit ng damit ko, nakikita mo," nanlalaki ang mga butas ng ilong na sabi niya.

"I saw some attractive legs when you angrily strolled down the garden path. May pakinabang naman iyang mga ilaw sa labas."

She looked out at tama ang lalaki, makikita lahat ng activity sa labas dahil sa mga ilaw na nagkalat doon.

"Wow, thank you for pointing it out. I'll walk slowly kapag papasok na ako doon nang sa gayon, wala ka nang makitang attractive legs."

"Ah, if you're still single, I wanna marry you tomorrow." Nakita niya ang pagngiti nito.

"Because of my attractive legs?" taas-kilay na tanong niya.

"Because you make me laugh."

"My gosh, then you should marry [www.joke.com!](http://www.joke.com!)

Marami silang nakakatawang jokes d'on, puwede kang magpagulung-gulong.”

He chuckled again.

“Sino ka ba?” Siya naman ang nagtanong.

“Why should I tell you? You don't want to marry me.”

“Baliw,” irap niya. Napakunot-noo siya nang marinig ang pagtugtog ng isang romantikong awitin sa loob. Nakikita niya mula sa malalaking bintana ng bahay ang magkakaparehang nagsimulang magsayaw.

Napabuntong-hininga siya.

“May I have the first dance?” Nagulat siya sa tanong ng lalaki pero kaagad naka-recover.

“I don't dance with strangers.” Damn it, stranger nga ang kaharap, ngunit bakit kakaiba ang epekto nito sa kanya? Hindi pa niya maipaliwanag ang nararamdaman, but something inside her was telling her to walk away while she still could.

Tumayo ito. “I'm Kent,” pakilala nito sa sarili at inilahad ang kamay. “Shall we?”

She was hypnotized by him, iyon marahil ang dahilan kung bakit hindi niya ito natanggihan.

Naramdaman na lamang niya ang pagtayo at ang pagpalibot ng braso nito sa kanyang baywang.

*Damn!* anang isipan niya at napapikit siya. He smelled really good. He felt really firm...

“Princess?”

“Hmm?” parang lumilipad ang isipang ungol niya.

“What’s your name?”

“Suzanne.”

“Suzanne,” ulit nito. “Hello, Suzanne...”

“You may call me ‘Suzy’,” aniya.

“Suzy? I prefer to call you ‘Suzanne’. Mas bagay sa ‘yo.’”

Nagkibit-balikat siya. “Ikaw ang bahala.”

At wala na uling nagsalita habang ang mga katawan nila ay marahang sumasabay sa awitin. Ang bawat kilos nila ay kasing-lamyos ng musika na nagmumula sa loob ng bahay. Tumunog ang warning bells sa kanyang utak.

This isn’t right. Anything that is new to her isn’t right. This is strange. This is dangerous...

And then the music stopped. At para bang iyon ang gumising kay Suzanne mula sa alapaap. Parang napaso na umatras siya.

“You dance really well. Thank you,” anang lalaki.

“Likewise,” she managed to say, bago siya nagmadaling tumalikod at bumaba ng hagdan. Away from the treehouse. Away from the stranger. Away from his hypnotic eyes...

---

Bumabawi pa lamang siya sa nangyari sa treehouse nang bigla ay makita niyang pumasok sa main door si Kent. Halos mabitiwan niya ang hawak na kopita ng alak dahil sa gulat. Kaagad siyang nagtago sa likod ng mga halaman sa loob ng bahay.

Suzanne knew he was handsome, but the moonlight didn't give him justice at all. Seryoso ang mukha nito, at dahil doon ay may misteryosong dating ang lalaki. He was taller than average, kaya kapansin-pansin ito sa kabila ng napakaraming guests doon. And he looked confident and cool.

Inilibot nito ang paningin sa paligid at noong una ay nag-isip pa siya kung siya kaya ang hinahanap nito. Pero para siyang binagsakan ng isang dump truck ng buhangin nang makitang ngumiti ito at ngayon ay

papalapit sa birthday girl.

Mel was beaming with joy habang nakikipag-usap sa lalaki. Nakaabrisete ito sa braso ni Kent. She was hanging on to his every word at tawa nang tawa ang mga ito.

Apparently, she'd just had a special moment with her stepsister's new guy.

Why? Why does he have to belong to Mel, of all people?

*Damn you, Mel!* mura niya sa isipan at tinungga ang pangalawang kopita ng alak, pagkuwan ay napapikit nang mariin.

Hindi niya alam kung ano ang nangyayari sa kanya. Hindi naman siya masamang tao, pero ano itong galit na bumabalot sa kanya ngayon? She hated the sight of Mel laughing with Kent, as if may kinalaman siya sa mga ito? As if naman may dapat siyang ikagalit.

But how could that woman just have it all? Samantalang siya ay nasa alanganin na ang lahat ng bagay sa buhay niya.

Her company was on the verge of bankruptcy. Hindi niya magawang magtiwala uli sa mommy niya.

*The Brazen Temptress - Jasmine Han*

---

Her stepsister dallied with her former fiancé. And now Gary was in love with her stepsister.

Muling sumimsim ng alak si Suzanne, pagkuwan ay napangiti nang mapait.

*Move on, anang isipan. Ikaw ang matatalo kung paaapekto ka sa galit at inggit.*

Pero ang isang bahagi ng isipan niya ay nagmatigas.

*I can only move on after I get even with Mel.*

*Oh? At paano mo naman gagawin iyan? tuya niyon. You're not as evil as she is. You're not as daring, not as brave.*

*Of course I am. Ipapakita ko. Lintik lang ang walang ganti! Babawi ako sa babaeng iyan!*

*At paano mo naman iyan gagawin, aber? hirit pa ng isipan niya.*

*I'm going to seduce her boyfriend. Kumislap ang determinasyon sa kanyang mga mata.*

“Suzanne!” Sumulpot si Thea mula kung saan. “Kanina pa kita hinahanap!” Napakunot-noo ito. “Pulang-pula ang mukha mo. Nakailang baso ka na?” anitong kinuha ang kopita mula sa kanya.

*The Brazen Temptress - Jasmine Han*

---

She smiled meaningfully. “Just enough, Darling.”  
*Just enough to make me brave.*

# 3

“Hello, handsome.”

Clearly, he remembered her voice kaya ito lumingon kaagad.

“Hello, Princess,” magalang na sagot nito.

“May I have this dance?”

“Of course.” Walang pag-aalanganing nagpaunlak ang lalaki.

They danced at the corner, kung saan medyo madilim at hindi sila masyadong pansin.

“Hindi ko naisip na makikita pa kita, or that you’d even take time to acknowledge me,” mahinang sabi nito sa kanyang tainga at napahigpit ang hawak niya sa mga balikat nito.

Damn it, he knew how to play this game!

“I just couldn’t resist,” ani Suzanne.

“O marahil tinutulungan ka ng espiritu ng alak?”

“Hmm... sinasabi mo bang lasing lang ako kaya ako naglakas-loob lumapit sa iyo?”

“Of course not. I believe, lumapit ka sa akin dahil sabi mo nga, you just couldn’t resist.”

She laughed softly. “You’re good.”

“In dancing?”

“Hmm... And I bet, in other things as well.”

“Maybe.”

Ipinagpatuloy nila ang pagsayaw habang ang mga mata nila ay nag-uusap. Nagtatantyan. Ang mga ngiti ay naglalalandian.

At nang sa wakas ay nakapag-ipon siya ng lakas ng loob. “Would you like to go somewhere else?”

“Somewhere else like?”

“Like my house?”

“How about my condo unit? It’s just five minutes drive from here.”

---

She didn’t know if she was the seducer or the seduced. Nawala lahat ng lakas niya.

He was in total control and she was powerless to his every touch.

Ni hindi na maalala ni Suzanne ang dahilan kung bakit siya narito at kung bakit ito nangyayari. She just knew she was here because she wanted to. Mula pa kanina habang nagsasayaw sila, her whole body ached for him.

Isa itong bagay na ni minsan ay hindi pa niya naranasan. Isang matinding pangangailangan at init ng katawan. Who was this man who caused all this?

Hindi na mahalaga. Ang mahalaga ay pinagbibigyan siya. Ginagawa ang gusto niya.

His right hand gently cupped her naked breast habang hinahalikan siya nito sa leeg. Napaungol siya at sinabunutan ang buhok nito.

They moved closer to the bed at ilang sandali pa, hindi na niya namalayan ang pagkakatanggal ng kanyang damit at nakahiga na siya sa malambot na kama.

She watched him take off his clothes piece by piece while she lay there naked, panting, wanting...

She was shameless because she could see the same intense need in his eyes.

Nang sa wakas ay lumuhod ito sa kanyang tabi, napatitig na lamang siya sa kabuuan nito at ilang

beses na napalunok.

“Want to touch me?”

“Yes, please.” And she did.

Napaigtad si Kent. “That’s enough,” matigas na sabi nito.

Gulat na napabitiw siya. Hindi niya alam kung ano ang nagawa niyang mali.

Napabuntong-hininga ito saka tumawa nang mahina. “How could you do that? Just a single touch and you can send me to the oblivion.”

Saka lamang siya nakahinga nang maluwag. He liked it. He liked her touch! Uulitin sana niya ang ginawa nang pigilan nito ang kanyang kamay.

“Oh no, naughty lady. Just lay down and let me.”

She thought she would lose her mind. Paanong hindi? She actually thought she was floating on air habang pinaliliguan siya nito ng halik simula sa kanyang mukha, pababa nang pababa, nilampasan nito ang pinakamaselang bahagi ng kanyang katawan where it ached the most. Hinalikan siya hanggang sa mga talampakan niya, and then his lips started moving back up.

She heard an unfamiliar voice groan when he finally settled his lips on her aching part. Matagal bago niya napagtanto na sa kanya nanggaling ang ungol na iyon.

Lalong humigpit ang pagkakasabunot niya sa buhok nito, at tumatawang iniangat ng lalaki ang ulo nito.

“Yes?”

“Just do it please,” humihingal na pakiusap niya.

“Gladly.”

---

She was ready, alam na alam niya iyon, pero naramdaman niya pa rin ang sakit para sa unang pagkakataon niya.

Sandaling natigilan ang lalaki. “What the hell—” Napatitig ito sa kanya. “It’s your first time!” akusa nito. But she pulled him closer, demanding for him to go on. And with a primal cry of hunger, he obliged.

He moved gently at first, then faster, thrust harder na kaagad niyang sinasalubong. Every muscle in her body shook nang marating niya ang sukduhan. She clung to him tighter and moments later, he buried his head on her neck, and groaned loudly as he finally

came....

Masakit ang ulo ni Suzanne nang magising. Napatingin siya sa relo at nakitang alas cuatro na ng madaling-araw.

Nang makita niya ang lalaking nakahiga sa kanyang tabi saka biglang pumasok sa isipan ang realisasyon.

*You did it!* pang-aakusa ng kanyang isipan. Nasapo niya ang mukha. Damn it! She did! Ibinigay niya ang sarili sa estrangherong ito.

No, hindi ito estranghero, boyfriend ito ni Melinda at Kent ang pangalan nito.

Halos mahilu-hilo pa rin siya sa naiisip habang nagmamadaling magbihis sa kabila ng pananakit ng katawan.

*Ano, masaya ka na ba, ha?* tanong ng matinong bahagi ng kanyang isipan. *Masaya ka na't nakaganti ka na? And to the max pa!*

She almost sobbed with the realization that she wasn't. Hindi siya masaya at wala siyang nararamdamang satisfaction. In fact, gusto niyang magalit sa sarili.

*But you enjoyed it, didn't you?*

*Immensely.*

Lalo siyang napapikit sa isinagot ng pilyang bahagi ng isipan.

*Who are you na nakasanib sa akin ngayon?  
Lubayan mo ako!*

*Ikaw din ito, bruha. Drama ka pa diyan.*

Tumunog ang cellphone ni Kent at kaagad niyang hinanap ito sa bulsa dahil balak iyong patayin bago pa magising ang lalaking mahimbing pa ring natutulog sa kama.

Biglang nagbago ang isipan niya nang makita kung sino ang tumatawag.

“Yes, Mel? Good morning,” malambing na sabi niya nang sagutin ang phone.

“Hello—Suzanne?” Mel shrieked.

“Mismo,” mayabang na tugon niya. Damn it, she did all these because of Mel! Ngayon, ipamumukha niya ito sa ate-atehan para may silbi ang lahat!

“Oh, my gosh! Nakita kitang umalis kasama siya, pero hindi ko naman inisip na—my gosh! You slept with him! You’re in his bed! Ano’ng nangyari? I know you never slept with Gary so what happened

all of a sudden?” Hindi talaga makapaniwala ang nasa kabilang linya, kaya naging dere-derecho ang pananalita.

“I just wanted to know the feeling of sleeping with my stepsister’s boyfriend.”

“Oh no, you got it all wrong,” Mel said in horror.

“In denial, hmm, my dear stepsister? Para hindi mo ipahalatang nasasaktan ka? He’s a great lover, I think I’m gonna keep him.”

“You are so stupid! He’s not my boyfriend, he’s Mr. Mallego’s son. Siya si Kent Martin Mallego na anak ni Ramon Mallego and he’s just arrived from the States!”

Nabitiwan ni Suzanne ang cellphone, kaya hindi na narinig ang kung ano pa mang sinasabi ng kausap niya sa kabilang linya.

Hindi makapaniwalang nag-angat siya ng paningin. Right in front of her was a mirror, at doon ay nakita niya ang repleksyon ng lalaking obviously ay kanina pa gising at pinakikinggan ang pakikipag-usap niya.

“So...” Tumayo ang lalaki, hinablot ang tuwalya mula sa towel rack sa sulok at ibinalabal sa

baywang. “I’m a great lover and you plan to keep me? I’m flattered,” he said mockingly. Pinulot nito ang cellphone at tiningnan kung sino ang huling tumawag. “Ah, si Mel. Stepsister mo siya? And you wanted to know how it feels to sleep with her boyfriend?” Napailing ito. “Poor Suzanne, I guess she corrected your wrong assumption?”

Nagngangalit ang mga ngipin niya sa pagpipigil na mapaiyak. Hinablot niya ang bag at nang tangkain nitong pigilan siya ay iwinaksi niya ang kamay nito saka tumakbong palabas ng unit nito.

---

Hindi makapaniwala si Suzanne sa kanyang nagawa.

She surrendered herself to the wrong man sa pagnanais na makaganti kay Mel. Sa huli ay talo pa rin siya. And it hurts so much dahil hindi na niya mababago ang mga pangyayari. And it hurts so much more because in the first place, wala naman talagang kuwenta lahat ng dahilan niya sa ginawa.

Tuloy ngayon, para siyang may sayad. Ayaw pumasok sa opisina at hindi sinasagot ang tawag o text ninuman.

Self-imposed punishment, kumbaga. Na mas

lalong katawa-tawang pakinggan. As if anyone would care. Pinahihirapan niya lang naman ang sarili.

*It was just sex, you moron, aniya pa sa isipan. Isa pa, you enjoyed it!*

Yeah, she enjoyed it so much na hanggang ngayon, tuwing naaalala niya ang mga kamay ni Kent na naglilibot sa kanyang katawan ay napapaigtad siya sa gulat.

Just thinking of it made it feel so real, pero sa kalagitnaan ay bigla siyang bumabalik sa kasalukuyan. Then she would bury her face in her hands in shame.

Nagulat siya nang marinig ang pagtunog ng doorbell. Napamura siya nang masilip sa peephole si Mel.

“Bakit ba?” inis na sabi niya nang mabuksan ang pinto.

Tinaasan siya nito ng kilay bago siya nilampasan para pumasok. Napailing ito nang makita ang tambak na karton ng pizza na siyang naging pagkain niya nitong nagdaang mga araw.

“The word is out. Nagpa-panic na ang mga empleyado ninyo. Kailangan mong magdesisyon para sa *Esmeralda Builders*. Either i-liquidate ninyo na ito

o gawan mo ng ibang paraan.”

“Ibang paraan like marrying Ramon Mallego?”

“Alam kong hindi mo gagawin iyan after you slept with his son, Suzy.”

“Sige lang, rub it in my face,” irap niya.

Umikot si Mel para harapin siya. “Why did you do it?”

“Why did I do what?” Pero siyempre ay alam niya ang tinutukoy nito.

“Why did you sleep with him when you thought he was my boyfriend? Do you hate me that much?” may bahid ng kalungkutan ang boses nito.

“I hate what you did with Gary.”

“Suzy...” Bumuntong-hininga ito. “I didn’t go as far as sleeping with him. Medyo nalasing ako kaya humantong kami sa halikan, pero hindi ko tuluyang nakalimutang boyfriend mo iyong tao. Damn it, Suzy! This may sound cold but I’m almost glad na nangyari iyon, at least, maaga nating nalamang hindi siya karapat-dapat para sa iyo.”

“You’re lying! Alam kong plano mo ang lahat. You wanted him out of the way bago sabihin sa akin

ng daddy mo ang suggestion niyang pakasal ako kay Ramon Mallego.”

“Para sabihin ko ang totoo, hindi rin ako sang-ayon sa mga plano ni Daddy. Pero iyon lang ang naisip niyang paraan para isalba ang sarili niya. I had nothing to do with it except make an appointment for him with Mr. Mallego. Hindi ko inisip na doon hahantong ang usapan nila. And Mr. Mallego is a wise businessman, he immediately welcomed the idea. At nakita ko rin namang may punto kung gugustuhin mong pakasal sa kanya. Maisasalba ang negosyo ninyo.”

“Timing lang ba ang pagkakasabi mo ng tungkol sa inyo ni Gary?” usisa niya.

“I was pissed when you mentioned him. Suzanne, you had to know. Napakadali niyang bumigay sa tukso. He doesn’t deserve you,” katuwiran ng stepsister.

“Stop it! You’re confusing me more,” saway niya. “The next thing I know, you’re gonna tell me you’re concerned about me.”

“At hindi mo ito magugustuhan?” Tinaasan siya nito ng kilay.

“Of course. I’d rather hate you than start liking you,” walang pag-aalanganing amin niya.

“Hindi mo ako kaaway, Suzanne. Never mo akong naging kaaway.” Muli ay naroon ang kalungkutan sa boses ni Mel.

“Bakit mo ba ito ginagawa ngayon? May kailangan ka ba sa akin?” Nagsisimula na siyang maasar muli. Hindi niya gustong naapektuhan siya sa drama ng kaharap.

“Kailangan kong tulungan kang isalba ang kompanya mo. Nagi-guilty ako dahil partly, kasalanan ng daddy ko ito sapagkat hindi niya nabantayan nang maayos ang mga nangyayari sa kompanya.”

“I wish you’d tell him that.”

“I did. Kaya’t ipinangako niyang magreretiro na siya kapag nagawan mo pa ito ng paraan.”

Suzanne also hated the fact na kailangan niya ngayon ang tulong ng kausap at kailangan niyang mag-behave. “Plano kong kausapin si Mr. Ramon Mallego. Maybe you can help me make an appointment. Siguruhin mo lang na kaming dalawa lang ang magkikita.”

Naintindihan naman nito ang ibig niyang sabihin. “Done. Tatawagan kita kapag okay na. So answer your damned phone when it rings.” Patungo na ito sa pinto.

*The Brazen Temptress - Jasmine Han*

---

“Mel?” Kaagad itong lumingon nang tawagin niya. “Ano’ng sinasabi niya tungkol sa nangyari?”

They both knew who she was referring to.

Umiling ito. “He never mentioned it.”